Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

# PATNUBAY SA MISA

9 Pebrero 2025 | Ika-5 Linggo sa Karaniwang Panahon | Taon K

# Mga Kabahagi sa Misyon ni Kristo



*Ang Diyos na lumikha ng sansinukob nang nag-iisa ay hindi nagligtas dito nang mag-isa. Hinahangad Niya ang pakikipagtulungan ng lahat. Ngunit higit sa pangkalahatang pagtutulungang ito, pinili din Niya, tinawag at isinugo ang ilang indibiduwal upang maging tagapagbalita ng Kanyang mga mensahe, at maging mga espesyal na instrumento ng Kanyang pag-ibig.*

*Tinatawag natin ang mga taong ito na "mga propeta" at "mga apostol." Ang kanilang buhay ay pinaghalong pangkaraniwang kahinaan at pambihirang lakas, ng nakakahiyang pagkatalo at maugong na tagumpay. Ngunit sa kabila ng gayong pagkakaiba, kung gagawin nila ang kanilang makakaya, gaya ng ginawa nina Isaias, Pablo at Pedro, "magiging mas mabuti ang mundo para dito" at ang kabutihan ay magtatagumpay laban sa kasamaan.*

*Ngayong ika-5 Linggo sa Karaniwang Panahon, saksi tayo sa isang mahimalang huli ng isdang sumasagisag sa misyon ni Hesus na magligtas sa sangkatauhan sa kasamaan.*

*Sa bawat henerasyon at pamayanan ng mga mananampalataya, patuloy si Hesus, ang Dakilang Mamamalakaya, sa pag-aanyaya sa mga tao para makibahagi sa kanyang misyong pagliligtas sa mga tao sa lahat ng anyo ng kasamaan. Kailangan ang kabukasang-palad at pagsusumikap sa pagtugon sa paanyaya ni Hesus.*

*Sa Eukaristiyang ito, ipagdasal natin na lahat ng tinatawagang gumanap sa ganitong tungkulin ay bukas-palad at tapat na makatugon hanggang sa wakas ng panahon.*

## PASIMULA

### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Halina't ating sambahin ang Diyos na Poon natin. Lumuhod at manalangin sa Manlilikhang butihin. Siya'y Poong mahabagin.**

*(Sal 95:6-7)*

### Pagbati

*P* – Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!

*B* – **Amen!**

*P* – Ang biyaya ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo, ay sumainyong lahat!

*B* – **At sumaiyo rin!**

### Pagsisisi

*P* – Mga kapatid, sa paghahanda natin para sa pagdiriwang ng mga banal na Misteryo, alalahanin natin ang ating pagkakasala at hilingin sa Panginoon ang kapatawaran at lakas. *(Manahimik saglit.)*

*P* – Naparito ka upang ipahayag sa amin ang Pag-ibig ng Ama. Panginoon, kaawaan mo kami!

*B* – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

*P* – Naparito ka upang iligtas ang sangkatauhan sa trahedya ng kapahamakang walang hanggan. Kristo, kaawaan mo kami!

*B* – **Kristo, kaawaan mo kami!**

*P* – Tinawagan mo sina Simon Pedro bilang mga mamamalakaya ng mga tao. Panginoon, kaawaan mo kami!

*B* – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

*P* – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

*B* – **Amen!**

### Papuri

*B* – Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin,

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

## Panalanging Pambungad

*P* –Ama naming makapangyarihan, lagi mong lingapin at patnubayan kaming mga kabilang sa iyong angkan. Sa tanging pag-asa naming ikaw ang nagbibigay, kami'y tangkilikin mo at laging subaybayan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
*B* –**Amen!**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa** *Isa 6:1-8*

*Tinawag si Isaias para maging propeta matapos niyang malasap ang kabanalan ng Diyos at mapagtanto niya ang kanyang mga pagkakasala. Ang pagsusugo ng Diyos ng isang anghel ay naglinis sa kanya sa kanyang mga sala at nagbigay-lakas para sa kanyang misyon sa bayang Israel.*

*L* –Pagbasa mula sa Aklat ni Propeta Isaias

**Nang taong mamatay si Haring Uzias, nakita ko ang Panginoon. Nakaupo siya sa isang napakataas na luklukan. Ang laylayan ng kanyang damit ay nakalatag sa buong Templo.**

**May mga serapin sa kanyang ulunan, at bawat isa'y may anim na pakpak. Wala silang tigil nang kasasabi sa isa't isa ng ganito: "Banal, banal, banal ang Panginoong Diyos ng mga hukbo ! Ang kanyang kaning-ninga'y laganap sa sanlibutan." Sa lakas ng kanilang tinig ay nayanig ang pundasyon ng Templo at ang loob nito'y napuno ng usok. Sinabi ko, "Kawawa ako. Marumi ang aking labi at naninirahan sa piling ng mga taong marurumi rin ang labi. Mapapahamak ako pagkat ako'y isang makasalanang nakakita sa Panginoon, ang Makapangyarihang Hari."**

**Pagkatapos, may isang seraping sumipit ng baga sa dambana, at lumipad na patungo sa akin. Ang baga ay idiniit sa aking mga labi, at sinabi, "Wala ka nang sala. Napawi na ang mga kasalanan mo."**


**Narinig ko ang tinig ng Panginoon, "Sino ang aking ipadadala? Sino ang aming susuguin?" Sumagot ako, "Narito po ako. Ako ang isugo n'yo."**

Ang Salita ng Diyos!
*B* – **Salamat sa Diyos!**

**Salmong Tugunan** *Awit 138*

*B* –***Poon, kita'y pupurihin sa harap ng mga anghel!***

*R. M. Velez*




* **Ako, Poon, buong pusong aawit ng pasasalamat, sa harap ng mga anghel, pupurihin kitang ganap. Sa harap ng iyong templo ay yuyuko at gagalang, pupurihin kita roon, pupurihin ang 'yong ngalan.** ***B.***

* **Dahilan sa pag-ibig mo at sa iyong katapatan, ika'y tunay na dakila, pati iyong kautusan. Noong ako ay tumawag, tinanggap ko ang tugon mo, sa lakas mong itinulong ay lumakas agad ako.** ***B.***

* **Dahilan sa pangako mong narinig ng mga hari, pupurihin ka ng lahat at ika'y ipagbubunyi. Ang lahat ng ginawa mo ay kanilang aawitin, at ang kadakilaan mo ay kanilang sasambitin.** ***B.***

* **Nahahandang harapin mo mapupusok kong kaaway, ligtas ako sa piling mo, sa lakas na iyong taglay. Yaong mga pangako mo ay handa mong tupding lahat, ang dahilan nito, Poon, pag-ibig mo'y di-kukupas, at ang mga sinimulang gawain mo'y magaganap.** ***B.***

**Ikalawang Pagbasa** ***1 Cor 15:1-11***

*Sa Corinto, may ilang nag-alinlangan sa muling pagkabuhay ng mga yumao sa wakas ng panahon. Nagbigay ito kay San Pablo ng pagkakataon para muling ipahayag ang mga pangunahing katotohanan ng pananampalatayang Kristiyano at lalo na ng muling pagkabuhay ni Hesus – ang pangunahing katotohanang batayan ng muling pagkabuhay ng lahat ng mananampalataya.*

*L* –Pagbasa mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga Taga-Corinto

**At ngayo'y ipinaaalaala ko sa inyo, mga kapatid, ang Mabuting Balita na ipinangaral ko sa inyo. Iyan ang pahayag na inyong tinanggap at naging saligan ng inyong pananampalataya. Sa pamamagitan nito'y naliligtas kayo, kung matatag kayong nananangan sa salitang ipinangaral ko sa inyo – liban na nga lamang kung kayo'y sumampalataya na di iniisip ang inyong sinampalatayanan.**

**Sapagkat ibinigay ko sa inyo itong pinakamahalagang aral na tinanggap ko rin: si Kristo'y namatay dahil sa ating mga kasalanan, bilang katuparan sa nasasaad sa Kasulatan; inilibing siya at muling nabuhay sa ikatlong araw, ayon din sa Kasulatan; at siya'y napakita kay Pedro, saka sa Labindalawa. Pagkatapos, napakita siya sa mahigit na limandaang kapatid na nagkakatipon. Marami sa kanila'y buhay pa hanggang ngayon, bagamat patay na ang ilan. At napakita rin siya kay Santiago, saka sa mga apostol na sama-sama noon. Sa kahuli-huliha'y napakita rin siya sa akin – bagamat ako'y tulad ng batang ipinanganak nang di-kapanahunan.**

**Sapagkat ako ang pinakahamak sa mga apostol, ako'y di karapat-dapat tawaging apostol, sapagkat inusig ko ang simbahan ng Diyos. Ngunit dahil sa kagandahang-loob niya,**

**ako'y naging apostol, at hindi naman nawalan ng kabuluhan ang kaloob niyang ito sa akin. Nagpagal ako nang higit kaysa kaninuman sa kanila, bagamat hindi ito sa sarili kong kakayanan kundi sa tulong ng Diyos sa akin.**

**Kaya't maging ako o sila – ito ang ipinangangaral namin, at ito ang pinananaligan ninyo.**

Ang Salita ng Diyos!

***B* – Salamat sa Diyos!**

**Aleluya** *Mt 4:19*

***B* –Aleluya! Aleluya!**
**Sumunod kayo sa akin at kayo'y aking gagawing katambal ko sa tungkulin.**
**Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** *Lu 5:1-11*

*Sa simula pa lamang ng kanyang misyong apostoliko, nabighani na ni Hesus ang mga tao sa kanyang mga turo at himala. Ngayon nama'y pagkakataon nina Simon Pedro para masaksihan, sa mahimalang huli ng mga isda, ang presensiya ng Diyos sa Gurong taga-Nazaret.*

***P* –** Sumainyo ang Panginoon!
***B* –At sumaiyo rin!**
***P* –** Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas
***B* – Papuri sa iyo, Panginoon!**

**Noong panahong iyon, nakatayo si Hesus sa baybayin ng Lawa ng Genesaret. Pinagkalipumpunan siya ng napakaraming tao na ibig makarinig ng salita ng Diyos. May nakita siyang dalawang bangka sa baybayin; nakalunsad na ang mga mangingisda at naghuhugas ng kanilang mga lambat. Lumulan siya sa isa sa mga bangka at hiniling kay Simong may-ari nito, na ilayo nang kaunti sa tabi. Naupo siya sa bangka at nangaral sa mga tao.**

**Pagkatapos niyang magsalita ay sinabi kay Simon, "Pumalaot kayo at ihulog ang mga lambat upang manghuli."**

**Sumagot si Simon, "Guro, magdamag po kaming nagpagod at wala kaming nahuli! Ngunit dahil sa sinabi ninyo, ihuhulog ko ang mga lambat."**

**Gayon nga ang ginawa nila at sa dami ng kanilang huli ay halos magkansisira ang kanilang mga lambat.**

**Kaya't kinawayan nila ang kanilang mga kasamahang nasa ibang bangka upang patulong, at lumapit naman ang mga ito. Napuno ang dalawang bangka na halos lumubog.**

**Nang makita iyon ni Simon Ped-ro, siya'y nagpatirapa sa paanan ni Hesus at nagsabi, "Lumayo po kayo sa akin, Panginoon, sapagkat ako'y makasalanan."**

**Nanggilalas siya at ang kanyang mga kasama dahil sa dami ng kanilang huli; gayon din sina Santiago at Juan, mga anak ni Zebedeo, na mga kasosyo ni Simon. At sinabi ni Hesus kay Simon, "Huwag kang matakot. Mula ngayo'y mamamalakaya ka ng mga tao." Nang maitabi na nila ang kanilang mga bangka, iniwan nila ang lahat at sumunod kay Hesus.**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

***B* –Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

## Homiliya

## Sumasampalataya

***B* –** Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

## Panalangin ng Bayan

***P* –**Sa harap ng mabigat at palagiang pangangailangan sa mga pari sa ating mga pamayanan, pakumbaba nating idulog ang ating mga kahilingan sa Panginoong bukal ng lahat ng pagpapala.

***B* –Panginoon, alalahanin Mo ang iyong bayan!**

* Para sa buong Simbahang Katolika, na bangka ni Pedro: Nawa'y patuloy na mangaral si Hesus sa mga bansa gaya nang siya'y nabubuhay pa rito sa lupa. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa Santo Papang sumunod kay Simon Pedrong mangingisda na taga-Galilea: Nawa'y magbunga ang kanyang misyong apostolika sa pamamatnubay ni Hesus, ang Dakilang Mamamalakaya. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga pari at mga kasama nila sa kanilang misyon: Nawa'y maging masunurin sila sa turo ni Hesus at maging tapat sila sa kapakanan ng kanilang mga kawan. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga nahirang maging pari ng Simbahan: Nawa'y malugod silang tumugon at magsumikap sa mabuting gawa hanggang sa dulo ng kanilang buhay. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng mambabatas at mga nanunungkulan: Nawa'y magkaroon sila ng lakas ng loob at talinong manguna sa pag-iingat at pagtatanggol sa buhay laban sa kultura ng kamatayan. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng tao: Nawa'y kanilang igalang ang kabanalan ng buhay ng tao mula sa paglilihi rito hanggang kamatayan at tulungan ang lahat ng nagsisikap sa ganitong pagpapahalaga. Manalangin tayo! ***B.***

***P* –**Panginoong Diyos, bukal ng aming pag-asa at kaligtasan, patuloy Mo kaming pagkalooban ng maraming banal na katulong ni Hesus sa pagpapastol upang malugod at tapat Ka naming mapaglingkuran. Isinasamo namin ito sa ngalan ng Panginoon naming si Hesus.

***B* –Amen!**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P*** – Manalangin kayo. . .
***B*** – **Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

### Panalangin ukol sa mga Alay

***P*** – Ama naming Lumikha, ang pagkai't inuming narito ay iyong ginawa upang mapalakas kaming mga mahihina. Ipagkaloob mong ito ay aming mapagsaluhan bilang pakikinabang sa buhay mong pangmagpakailanman sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*** – **Amen!**

### Prepasyo V

***P*** – Sumainyo ang Panginoon!
***B*** – **At sumaiyo rin!**
***P*** – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!
***B*** – **Itinaas na namin sa Panginoon!**
***P*** – Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!
***B*** – **Marapat na siya ay pasalamatan!**
***P*** – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Ikaw ang lumikha sa tanan. Ikaw ang nagtakdang magkaroon ng gabi at araw, gayundin ng tag-init at tag-ulan. Ikaw ang humubog sa tao bilang iyong kawangis na mapagkakatiwalaang mangasiwa sa daigdig. Ikaw ngayo'y pinaglilingkuran sa pagganap sa pananagutan ng iyong pinagtitiwalaan sa pamamagitan ng Anak mong mahal.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:
***B*** – **Santo, santo, santo, Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!**

### Pagbubunyi

***B*** – **Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.**

## PAKIKINABANG

***B*** – **Ama namin . . .**
***P*** – Hinihiling namin . . .
***B*** – **Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

***B*** – **Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)**

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

***P*** – Ito ang Panginoong Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
***B*** – **Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Ang D'yos ay pasalamatan sa pag-ibig n'ya sa tanan. Pagkai't inuming tunay na may dulot kasiyahan ang sa ati'y kanyang bigay.**

*(Sal 107:8-9*

### Panalangin Pagkapakinabang

***P*** – Ama naming mapagmahal, sa pagkai't inuming pagkakaisa ang ibinibigay, kami'y niloob mong makapakinabang. Kaisa ni Kristo kami nawa'y makapamuhay upang makapamunga nang may kagalakan para sa kapakanan ng aming kapwa tao sa sanlibutan, sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*** – **Amen!**

## PAGWAWAKAS

***P*** – Sumainyo ang Panginoon.
***B*** – **At sumaiyo rin!**
***P*** – Magsiyuko kayo habang iginagawad ang pagbabasbas. *(Manahimik sandali.)* Iadya nawa kayo ng Panginoon sa lahat ng kasamaan.
***B*** – **Amen!**
***P*** – ibayan Niya nawa ang inyong pananampalataya at pag-ibayuhin ang inyong sigla para sa lalong masigasig na paglilingkod sa ating pamayanan.
***B*** – **Amen!**
***P*** – Tulungan Niya nawa kayo sa inyong mga pagsisikap at gantimpalaan kayo sa mabuti ninyong gawa sa lahat.
***B*** – **Amen!**
***P*** – Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
***B*** – **Amen!**
***P*** – Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon.
***B*** – **Salamat sa Diyos!**

**Realize the greatness of Christ's love for you by meditating on his passion, death, and resurrection with the help of the bestseller:**

**The New Way of the Cross**

Available:
- In English and Filipino editions
- Pamphlets (in color / B&W)
- Leaflets
- Posters
- Tarpaulins (by order)

Available at Word And Life and other religious stores

WORD AND LIFE PUBLICATIONS

**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, Fr. D. Duya, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

# PUMALAOT, UPANG MAKAHULI!

*Kalakbay at Katoto*

Ayaw natin ng lahat ng uri ng kababawan. Ayaw natin ng puro pa-*cute* lamang sa mga naglilingkod sa bayan. Hindi natin gusto ang puro palabas lamang.

Kababawan … ito ang hindi ipinagawa ng Panginoon sa mga disipulo. Tumbukin agad natin … Nang buong magdamag na nagsikap makahuli ang mga disipulo ng isda, muli niyang inutusan ang mga puyat at pagod, at marahil ay wala nang pag-asang mga disipulo: "Pumalaot kayo … "

Isang magandang panalangin ni Sir Francis Drake ang hindi makatkat sa aking isipan. Hiniling niya sa Diyos na hindi siya matulad sa mga taong nanatili lamang sa pampang at malapit sa dalampasigan … mga taong ayaw pumalaot sapagka't nangangamba, natatakot, nag-aalanganin, nag-aatubili.

Ang pananatili sa pampang ay isang malinaw na tanda ng isang taong ayaw mangahas, ayaw isugal, ika nga, ang katiyakan, at kapanatagan ng kalooban, at walang kakayahang isuong ang sariling kapakanan sa ikabubuti ng pangkalahatan.

Takot ako sa kababawang ito ng isang taong walang kurap na nagnanakaw sa kaban ng bayan, at naniningil ng labis sa pamahalaan, kahit na ang tunay na kikita ng malaki ay siya rin. Takot ako sa kababawan ng mga panoorin sa TV na nagsasamantala sa kahirapan, kamangmangan, at kasalatan ng mga taong ang tanging pinanghahawakan lamang ay isang hungkag na pag-asang sila ay baka sakaling maambunan ng biyaya.

Kababawan … ito ang sakit ng mga taong ang gusto ay manatili sa pampang at dalampasigan, namamaybay lamang sa mababaw na tubig ng katiyakan at kawalang-pansin.

Mayroon tayong ilang halimbawa ng kabaligtaran ng kababawan. Una si Isaias, na hindi nag-atubiling sumagot sa Panginoon: "Narito po ako. Ako ang isugo ninyo." Ang taong handang sumuong sa trabaho ay hindi isang taong mababaw at walang kakayahang lumalim at maging makahulugan.

Isa ring halimbawang tumataginting si San Pablo … Itinuring niya ang sarili bilang "tulad ng isang batang ipinanganak nang di kapanahunan," subali't naging apostol. Anong uring apostol ba si Pablo? Siya na mismo ang nagsabi. Hindi basta basta. Hindi patakbuhin. Hindi mababaw at pakitang-tao lamang. Siya na rin ang nagsabi: "Nagpagal ako nang higit kaysa kaninuman sa kanila, bagama't hindi ito sa sarili kong kakayanan."

Pumalaot si Isaias. Pumalaot rin si Pablo. Ngunit higit sa lahat, si Hesus ay hindi lamang pumalaot. Mayroon pa siyang ginawa … nagpatihulog siya sa kamay ng mga tampalasan sa ikapapanuto ng sambayanan. Ngayon, sinasabi niya sa atin … Hindi sapat ang kababawan. Walang mararating ang pagkukunwari, panlilinlang, at pangbabalasubas ng bayan. Walang mahihita ang lahat ng uri ng pakitang-tao at pahapyaw na pagtupad sa tungkulin. Hindi makakalayo ang kalsadang pinalitadahan lamang ng manipis na patong ng alkitran o semento.

Malinaw ang tagubilin ni Hesus … pumalaot … lumayo … lumalim … lumarga pa … at ipagtagubilin ang sarili sa Diyos. Higit rito, sinabi niyang kailangang "ihulog" ang lambat sa kalaliman. Kailangang ihulog ang lahat ng personal na katiyakan at kasiguraduhan. Kailangang tulad ng binhi ng mustasa, ay mahulog sa lupa upang yumabong at mamunga.

Iisa ang tinutumbok nito … kailangang lumalim… kailangang magpakatunay, magpakatapat, magpaka-totoo.

Pumalaot … ihulog ang lambat, ibagsak ang lahat ng kababawan at ka-plastikan … magpakatotoo, magpakatunay, at ano ang bunga ng lahat ng ito?

Upang makahuli!

Isang mungkahi para sa lahat … mag-ingat sa lahat ng uri ng kababawan, kabulastugan, at kasakiman … Lahat ng ito ay nauuwi sa kapariwaraan. Pumalaot upang makahuli!

